

Bisa ng vlogging bilang kagamitang pampagtuturo sa akademikong pagganap sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik

Rolando O. Siocon Jr., LPT, MATFil
Occidental Mindoro State College, San Jose, Occidental Mindoro
Corresponding Author e-mail: rolandojr.siocon@gmail.com

Received: 16 March 2026

Revised: 19 April 2026

Accepted: 21 April 2026

Available Online: 24 April 2026

Volume 1 (2026), Issue 2, P-ISSN – 3116-3769; E-ISSN - 3116-3777

<https://doi.org/10.63498/injelps50>

ABSTRAK

Layunin: Nilalayan ng pag-aaral na ito na matukoy at maihambing ang bisa ng vlogging bilang isang kagamitang pampagtuturo kumpara sa tradisyunal na pamamaraan sa pagpapahusay ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang *Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik*. Binibigyang-diin din nito ang papel ng mga makabago at inobatibong estratehiya sa pagtuturo sa pagpapabuti ng mga kinalabasan ng pagkatuto.

Metodolohiya: Gumamit ang pag-aaral ng quasi-experimental na disenyo na may two-group pretest-posttest approach sa 60 mag-aaral ng Baitang 11 na pinili sa pamamagitan ng non-random matching sampling. Isinagawa ang 30 aytem na balidado at pamantayang pagsusulit bilang pauna at panapos na pagtataya. Ang eksperimental na pangkat ay ginamitan ng vlogging bilang interbensyon, samantalang ang kontroladong pangkat ay sumailalim sa tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo. Sinuri ang datos gamit ang mean, standard deviation, paired sample t-test, at independent sample t-test sa antas ng kabuluhang 0.05.

Resulta: Ipinakita ng mga natuklasan na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng kontrolado at eksperimental na pangkat sa paunang pagsusulit. Gayunpaman, mas mataas ang akademikong pagganap ng eksperimental na pangkat sa panapos na pagsusulit kumpara sa kontroladong pangkat, na nagpapahiwatig ng bisa ng vlogging bilang isang kagamitang pampagtuturo.

Konklusyon: Ang integrasyon ng mga makabago at teknolohiyang nakabatay na estratehiya tulad ng vlogging ay may positibong epekto sa akademikong pagganap at pakikilahok ng mga mag-aaral. Iminumungkahi nito ang pangangailangan na isama ng mga guro ang mga digital na pedagogikal na dulog upang mapahusay ang bisa ng pagtuturo at kinalabasan ng pagkatuto.

Mga Susing Salita: *Vlogging, tradisyunal na pagtuturo, akademikong pagganap, pagbasa at pananaliksik, inobasyong pedagogikal*

INTRODUKSYON

Ang mundo ay patuloy na sumasabay sa malawakang paglago ng teknolohiya, paglawak ng impluwensiya ng globalisasyon at tuloy-tuloy na *digital* na transpormasyon na nakaapekto sa iba't ibang larangan sa lipunan. Sa larangan ng edukasyon, nagbukas ito ng maayos na oportunidad sa pagtuturo at pagkatuto tulad ng mas mabilis na paghahanda ng kagamitan, maayos na presentasyon ng aralin, at pagkakaroon ng malawak na onlayn na repositoryo. Gayunpaman, nananatiling umiiral ang mga hamon sa edukasyon na may kaugnayan sa epektibong pagtuturo at pag-unlad ng mga mag-aaral.

Ang mga guro ay nagkakaroon ng kakulangan sa kasanayan sa paggamit ng teknolohikal na kasangkapan na nagiging hadlang tungo sa isang epektibong proseso ng pagkatuto. Sinang-ayunan ito nina Cabero-Almenara et al. (2023) na sinasabi na ang kakulangan sa kasanayan sa paggamit ng digital na pamamaraan ang siyang naglilimita sa malawakang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo. Kung kaya, ayon kina Demissie et al. (2022) ang mga guro ay kinakailangang umangkop sa makabagong konteksto ng edukasyon lalo na sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Bukod dito, sinabi ni Martinez (2025) na isang suliraning maituturing ang pagtugon sa pangangailangan ng makabagong mag-aaral ng ika-21 siglo sa kasalukuyan kung kaya binibigyang-diin ang pagkakaroon ng makabago at inobatibong kagamitan sa pagtuturo na makatutulong sa pagpapataas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Sa Malaysia,

isa sa kinahaharap ng mga guro ay ang kakulangan sa kaalaman sa mga pamamaraan ng pagtuturo sa ika-21 siglo dulot ng patuloy na pagkiling sa tradisyunal na dulog, kakulangan sa kagamitan, at matagal na oras ng paghahanda ng mga materyales sa pagtuturo (Mohamad et al., 2023). Hindi ito naiiba sa nararanasan ng mga guro sa Filipino sa Pilipinas na nakararanas din ng parehong suliranin gaya ng kawalan ng interes ng mga mag-aaral, pagdulog sa tradisyunal na pamamaraan dulot ng klasikong katangian ng panitikan at gramatika, at kakulangan sa materyales. Ayon nga kina Berongoy-Peñas at Paglinawan (2025) at Paquinol et al. (2024) na ang mga guro ay mayroong kakulangan sa sapat na kasanayan sa paggamit ng teknolohiya sa pedagohiya, maging sa mga kagamitan o *resources* gaya ng *internet* na nagiging isang hadlang sa epektibong integrasyon ng inobasyon at teknolohiya sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Sa Philippine Central Islands College Foundation Inc. makikita na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng kahirapan sa pagkatuto sa mga asignaturang Filipino na makikita sa mga nakuhang marka sa asignatura. Buhat ito ng kanilang personal interes at mababang pagganap. Pinatunayan ito ni Mansour (2025) na nagsasabing kapag ang mag-aaral ay may kakulangan sa interes sa asignatura ito ay nag-uugat sa kanilang perspektibo kung saan itinuturing nilang mahirap, hindi mahalaga o hindi relatibo ang asignatura. Kung kaya, ayon kay Supnet-De Guzman (2025) marapat na bigyang-tuon ang pagkakaroon ng makabagong kagamitan sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, at isa ang *vlogging* sa maaaring gamiting kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto (Aini, 2020).

Bagaman ipinakikita ng mga naunang pag-aaral na ang integrasyon ng teknolohiya ay may makabuluhang gampanin sa pagtuturo ng asignaturang Filipino (Pacol, 2023) at ang *vlogging* ay napatunayang epektibong nakatutulong sa pagpapatibay ng kasanayan sa wikang Ingles (Balignasay et al., 2024), malinaw na ang mga ito ay nagkakaiba sa konteksto at tuon sa aplikasyon. Sa kabuuan, bagaman ipinapakita ang potensyal ng *vlogging* bilang isang makabagong kagamitan sa pagtuturo at pagpapahusay ng kasanayan sa wika, nananatiling limitado ang pagtuon at hindi ganap na naiaangkop sa konteksto sa Pilipinas at sa pagtuturo ng mga asignaturang Filipino partikular na sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik sa Senior High School. Dagdag pa rito, karaniwan sa mga umiiral na pag-aaral ay gumagamit lamang ng deskriptibo at *exploratory* na disenyo na dahilan upang malimitahan ang pag-unawa sa akwta na epekto ng *vlogging* bilang isang interbensiyong pedagohikal, kaya may kakulangan sa matibay na ebidensiyang emperikal na magpapatunay sa bisa nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay naglalayong punan ang mga puwang sa literatura sa pamamagitan ng pagsusuri sa bisa ng *vlogging* bilang kagamitang pampagtuturo sa pagpapahusay ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa nasabing asignatura. Higit sa lahat, inaasahan na makatutulong ang pag-aaral na ito sa pagpapabuti ng pagdisensyo ng kagamitan sa pamamagitan ng pagbigay ng alternatibong pamamaraan sa pagtuturo bilang pagtugon sa pangangailangan ng makabago at inobatibong proseso ng pagtuturo at pagkatuto na nakaaagapay sa kasalukuyang kurikulum.

Mga Kaugnay na Literatura at Pag-Aaral

Bisa ng Tradisyunal na Pamamaraan sa Akademikong Pagganap

Ang tradisyunal na pamamaraan ay mabisang nagagamit sa pagpapataas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng isang sistematiko at organisadong pagbibigay ng instruksyon sa mga mag-aaral. Pinagtibay ito ng mga pag-aaral nina Aguilar-Moya (2025) at Chen (2025) na ang tradisyunal na pamamaraan ay nananatiling nakapagbibigay ng sapat na suporta sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng isang malinaw at sistematikong paggabay. Bagaman, kinikilala ang makabuluhang gamit nito sa konteksto ng edukasyon, hindi dapat isantabi na ito ay hindi na gaanong angkop sa kasalukuyang pangangailangan ng mga mag-aaral. Isa sa mga kahinaan nito ay ang pagkakaroon ng limitasyon sa pagpapataas ng kasanayan at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral na humahadlang sa paglinang ng awtonomiya at malayang pagkatuto na binibigyang-diin nina Almasi et al (2024). Sa ganitong sabi, mahalagang magkaroon ng integrasyon ng teknolohiya at bumuo ng isang makabagong kagamitan upang lubusang matamo ng mga mag-aaral ang tiyak at lubos na pag-unlad. Kung kaya, ang mga guro ang siyang inaasahan na gagawa ng mga hakbangin na makapagbibigay sa mga mag-aaral ng magandang karanasan na aangkop sa makabagong konteksto ng edukasyon (Ajani, 2024).

Bisa ng Vlogging sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral

Mahalagang hubugin ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sapagkat ito ang indikasyon ng pagtamo ng pag-unlad at tagumapy sa larangan ng edukasyon dahil ang mataas na pagganap ay sumasalamin sa malawak na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konsepto at kakayahang tumugon sa mga sitwasyon sa tunay na buhay. Ang mataas na akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay nagbibigay ng tiwala sa sarili at motibasyon na tahakin ang

259

mas malalim at makabuluhang pagkatuto gaya ng iginigiit nina Naungayan et al. (2024). Kung kaya, sinasabi ni Asnur et al. (2024) na isa ang mga *vlog-based projects* sa mga direktang nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral at mas pinagtibay ang kanilang kaalaman, kakayahang komunikatibo, at partisipasyon. Binigyang-pansin din nina Mandasari at Aminatun (2021) at Satrio et al. (2024) na nakatutulong ang *vlogging* upang mahubog ang kritikal at malikhaing pag-iisip na siyang nakatutulong sa mga mag-aaral na mapalalim ang kanilang kaalaman, magamit bilang isang aktibong kasangkapan tungo sa pagkamit ng isang epektibo at makabuluhang pagkatuto. Ang mga pag-aaral na ito ay nagbibigay-daan upang pagtibayin ang patuloy na paggalugad sa mga napapanahon at inobatibong pamamaraan na nakatutulong sa mga mag-aaral at guro na makasabay sa patuloy na pagbabago ng mundo, kabilang na ang mga nangyayaring pagbabago sa sistema ng edukasyon sa kasalukuyan na binigyang-pansin nina Dipon at Dio (2024).

Sintesis at Research Gap

Sa kabuuan, ipinakita ng mga sinuring literatura na nananatiling umiiral ang ilang suliraning may kinalaman sa paggamit ng ng tradisyunal na pamamaraan, partikular sa aktibong partisipasyon at pagpapahusay sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Bagaman, kinikilala sa ilang mga pag-aaral ang potensyal ng *vlogging* bilang isang makabagong pedagogikal na kagamitan, nananatiling limitado ang mga pananaliksik na nauugnay sa teorya ng mag-aaral-sentrikong pagkatuto at aktibong konstruksiyon ng kaalaman. Higit pa rito, karamihan sa mga umiiral na mga pag-aaral ay karaniwang nasa internasyunal na konteksto at nakatuon sa ibang asignatura gaya ng Ingles, kung kaya nananatiling may puwang sa mga ebidensiya ukol sa paggamit ng *vlogging* sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Pilipinas. Bukod dito, nanginibabaw sa karamihan ng mga naunang isinagawang pag-aaral ang paggamit ng deskriptibong disenyo, na nagpapakita na may kakulangan sa mga eksperimental na pag-aaral na sumusukat sa aktwal na bisa ng *vlogging* bilang isang interbensiyong pampagtuturo. Dahil dito, layunin ng kasalukuyang pag-aaral na punan ang mga natukoy na puwang sa pamamagitan ng pagsusuri sa bisa ng *vlogging* bilang kagamitang pampagtuturo sa pagpapahusay ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Balangkas Teoretikal

Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla at nakabatay sa Teoryang Social Learning Theory ni Albert Bandura (1977) na nagsasaad na ang pagkatuto ay hindi lamang bunga ng stimulus at response bagkus ito ay isang prosesong panlipunan at kognitibong likas na nagaganap sa pamamagitan ng obserbasyon, paggaya (imitation) at pagmomodelo sa pamamagitan ng panonood sa kilos at gawi ng isang tao. Ipinapakita ng teoryang ito ang kakayahan ng isang tao na matuto ng hindi lamang nakabatay sa karanasan kung hindi sa natural na proseso ng pangangalap ng impormasyon.

Sa pag-aaral na ito, mahalaga ang ginagampanan ng guro bilang isang *facilitator* sa loob ng silid-aralan, at tagapanguna sa mga gawaing pangklasrum. Kung kaya, ang mga mag-aaral ay epektibong natututo kapag ang guro ay nagpapakita ng isang mahusay na pamamaraan sa pagsasagawa ng isang gawain, at ang mga katangiang ito ay napapansin, nakikita at naoobserbahan, at nakaiimpluwensiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Kung kaya, ang *vlogging* bilang isang kagamitang pampagtuturo ay magsisilbing biswal na modelo sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Bukod pa rito, pinatitibay din ito ng Cognitive Theory of Multimedia Learning ni Mayer (2005) na nagpapaliwanag kung papaano natututo ang isang tao gamit ang mga salita at larawan. Batay sa teoryang ito, ang utak ng isang tao ay may dalawang tsanel sa pagpoproseso ng impormasyon—ang visual channel at auditory channel na parehong may limitadong kapasidad. Ang teoryang ito ay may sinusunod ding limang prinsipyo: (1) Coherence Principle ay ang pagtanggap sa mga hindi mahahalagang impormasyon; (2) Modality Principle ang paggamit ng pagsasalita kaysa sa on-screen text; (3) Multimedia Principle ang paggamit ng parehong salita at larawan; (4) Contiguity Principle ang paglalagay ng kaugnay na salita at larawan malapit sa isa't isa; at (5) Signaling Principle ang paggamit ng mga palatandaan upang maituro ang pinakamahahalagang bahagi ng aralin.

Ang paggamit ng *vlogging* bilang isang kagamitang pampagtuturo ay nakabatay sa teoryang ito dahil ito ay nagbibigay ng daan para sa dalawang tsanel—ang pagsasaalang-alang sa biswal at awdyo. Mula rito, ang pagkatuto ay nagiging aktibong proseso sapagkat ang mga mag-aaral ay pumipili lamang ng mahahalagang impormasyon mula sa vlog, at ang mga ito ay isinasaayos at binibigyan ng kahulugan upang magkaroon ng malinaw na mental na pagkatuto.

Balangkas Konseptwal

Binibigyang-pansin ng pag-aaral ang dalawang pamamaraan sa konteksto ng edukasyon, ang kumbensiyonal o tradisyunal na pamamaraan at ang *vlogging* bilang kagamitang pampagtuturo na isang makabago at inobatibong pedagogikal na kasangkapan sa pagtuturo ng asignaturang Pagbasa at pagsusuri ng Ibat' Ibang Teksto tungo sa

Pananaliksik sa mga mag-aaral ng Philippine Central Islands College Foundation Incorporated, kung saan partikular na binigyang-tuon ang mga mag-aaral na nasa baitang 11 ng Senior High School, na nakapagtala sa *academic strand* na *Humanities and Social Sciences o HUMSS*.

Makikita na ang paradigma ay binubuo ng dalawang pangkat, ang malayang baryabol at ang di-malayang baryabol. Ipinapakita ng balangkas na sinusuri ng pag-aaral kung paano naapektuhan ng tradisyunal na pagtuturo at ng *vlogging* bilang makabagong kagamitang pampagtuturo ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa nabanggit na asignatura. Layunin nitong tukuyin kung alin sa dalawang paraan ng pagtuturo ang mas epektibo sa pagpapaulad ng kasanayan ng mga mag-aaral.




Figura 1. Paradigma ng pag-aaral

Paglalahad ng Suliranin

Sa kasalukuyang konteksto ng edukasyon sa Pilipinas, nananatiling laganap ang paggamit ng tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo sa asignaturang Filipino. Bagaman epektibo sa ilang aspeto, hindi nito lubusang natutugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa ika-21 siglo, lalo na sa pagpapataas ng kanilang interes, aktibong pakikilahok, at akademikong pagganap. Kasabay nito, ang patuloy na pag-unlad ng teknolohiya ay nagbubukas ng mga oportunidad para sa paggamit ng makabago at inobatibong kagamitang pampagtuturo tulad ng *vlogging*.

Gayunpaman, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na sumusuri sa bisa ng *vlogging* bilang isang kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino, partikular sa Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik. Karamihan sa mga umiiral na pag-aaral ay nakatuon sa paglinang ng kasanayan sa wikang Ingles at kakayahan sa pagsasalita, at kakaunti ang eksperimental na pananaliksik na naghahambing sa bisa ng *vlogging* at tradisyunal na pamamaraan sa akademikong pagganap.

Dahil dito, kinakailangang siyasin kung ang paggamit ng *vlogging* bilang isang kagamitang pampagtuturo ay higit na epektibo kumpara sa tradisyunal na pamamaraan sa pagpapataas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong punan ang kakulangan sa literatura at magbigay ng empirikal na ebidensya hinggil sa bisa ng makabagong estratehiyang ito sa konteksto ng pagtuturo ng Filipino.

Pangkalahatang Layunin

Layunin ng pag-aaral na ito na maihambing ang bisa ng *vlogging* bilang isang kagamitang pampagtuturo at ng tradisyunal na pamamaraan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik.

Mga Tiyak na Layunin

Nilalayan ng pag-aaral na ito na:

1. Matukoy ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa paunang pagsusulit ng kontrolado at eksperimental na pangkat;
2. Matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng dalawang pangkat sa paunang pagsusulit;
3. Matukoy ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa panapos na pagsusulit ng kontrolado at eksperimental na pangkat;
4. Masuri kung may makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng kontroladong pangkat sa pagitan ng pauna at panapos na pagsusulit;
5. Masuri kung may makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng eksperimental na pangkat sa pagitan ng pauna at panapos na pagsusulit;

6. Matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng kontrolado at eksperimental na pangkat sa panapos na pagsusulit.

Mga Katanungan ng Pananaliksik

1. Ano ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa paunang pagsusulit ng kontrolado at eksperimental na pangkat?
2. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng kontrolado at eksperimental na pangkat sa paunang pagsusulit?
3. Ano ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa panapos na pagsusulit ng kontrolado at eksperimental na pangkat?
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng kontroladong pangkat sa pagitan ng pauna at panapos na pagsusulit?
5. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng eksperimental na pangkat sa pagitan ng pauna at panapos na pagsusulit?
6. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng kontrolado at eksperimental na pangkat sa panapos na pagsusulit?

Paglalahad ng Hinuha

Ang mga sumusunod na null hypotheses ay sinubok sa pag-aaral:

1. Walang makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng kontrolado at eksperimental na pangkat sa paunang pagsusulit.
2. Walang makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng kontroladong pangkat sa pagitan ng pauna at panapos na pagsusulit.
3. Walang makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng eksperimental na pangkat sa pagitan ng pauna at panapos na pagsusulit.
4. Walang makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng kontrolado at eksperimental na pangkat sa panapos na pagsusulit.

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *Quasi-Experimental* na disenyo na gumamit ng *two group pretest-posttest approach* upang suriin ang bisa ng tradisyunal na pamamaraan at vlogging bilang kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't ibang Teksto tungo sa Pananaliksik bilang pagtaya sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang disenyong ito ay ginamit upang matukoy ang bisa ng isang interbensyon (Vergara et al., 2025) gamit ang isang pangkat na mayroong kahalintulad na kakayahan sa isa pang pangkat na gagamitan ng tradisyunal na pamamaraan.

Populasyon at Pagkuha ng Sampol

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng *two-group pretest-posttest design*, ang *non-random matching sampling* ang napiling gamitin bilang pamamaraan sa pagkuha ng mga kalahok sa pag-aaral. Naging batayan ng teknik na ito ang 60 na mag-aaral na naging kalahok ng pag-aaral na iniayon sa parehong kriterya gaya ng pantay na bilang; 15 na babae at 15 na lalaki na kapwa mayroong 30 bilang sa bawat uri; may parehong edad sa pagitan ng 16 hanggang 17 at nakatanggap ng markang nasa 75-84 sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wikang Filipino. Ang naturang marka ayon sa *level of proficiency* ay nakapaloob sa *developing* (75-79%) at *approaching proficiency* (80-84%) upang maisagawa ang epektibong hambingan sa pagitan ng kontrolado at eksperimental na pangkat. Isinagawa ito upang pantay na maihambing ang dalawang pangkat at maiwasan ang pagkiling.

Ang kabuuang bilang na 60 na hinati sa 30 kalahok bawat pangkat ay itinuturing na sapat. Ang ganitong bilang ng kalahok ay nagbubukas para sa isang makabuluhang hambingan habang pinanatili ang pantay na bilang sa bawat pangkat. Ang sukat ng sampol ay isinaalang-alang din ang praktikal na limitasyon ng sitwasyon ng silid-aralan kung saan ang mga kalahok ay ang umiiral na seksyon/pangkat ng klase.

Instrumento ng Pananaliksik

Bumuo ang mananaliksik ng sariling pagsusulit para sa pauna at panapos na pagtataya o pagsusulit. Ito ay binubuo ng 30 aytem na nasa anyo ng pamimiliian (multiple choice) upang mataya ng mananaliksik ang kaalaman at antas ng paglago ng mga mag-aaral sa mga aralin sa asignatura. Ang paunang pagsusulit, gayundin ang panapos na pagsusulit, ay isinagawa upang tiyak na masukat ang pag-unlad sa akademikong pagganap ng mga kalahok sa pag-aaral bago at matapos ang isinagawang pagtuturo gamit ang tradisyunal o kumbensiyunal na pamamaraan, at paggamit ng vlogging bilang interbensyon.

Gumamit din ang mananaliksik ng *Table of Specification* (TOS) upang masiguro ang wastong bilang ng aytem sa bawat kasanayan ng pagkatuto. Ito ay nakabatay din sa gabay sa kurikulum o *curriculum guide*, at kasanayang pampagkatuto ng Department of Education (DepEd), at dumaan sa masusing balidasyon ng nilalaman ng pagsusulit ng iba't ibang eksperto/guro sa wikang Filipino na nagmula sa pampublikong paaralan—dalawang Guro VI at isang Ulong-Guro/Head Teacher sa Filipino na nagtataglay ng Master's Degree at malawak na karanasan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Gayundin, ang pagsusulit ay nakakuha ng *reliability score* na 0.71 gamit ang Kuder-Richardson 20 (KR-20) na pormula, na nagpapahiwatig ng katanggap-tanggap na maaasahan at wasto ang instrumento.

Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa loob ng 4 na linggo sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik. Sinunod ang *pretest-interbensyon-posttest* na disenyo upang tahasang matukoy ang epekto ng isinagawang pagtuturo sa pangkat ng kontrolado at eksperimental.

Sa unang bahagi, ibinigay ang *pretest* o ang paunang pagsusulit upang masukat ang paunang antas ng pagganap ng mga mag-aaral. Sinundan ng implementasyon ng interbensyon sa loob ng itinakdang oras ng talakayan. Matapos ang pagtuturo, isinagawa ang *posttest* o ang panapos na pagsusulit upang masukat ang naging pag-unlad ng mga mag-aaral matapos ang isinagawang interbensyon. Isinagawa ang mga sesyon sa oras ng talakayan ng asignatura sa loob ng paaralan, kung saan tiniyak na ang mga kalahok ay nasa katulad na kondisyon sa pagkatuto upang mapanatili ang pagiging patas ng pag-aaral. Ang mga naantalang sesyon dahil sa mga pista opisyal ay isinama sa iskedyul ng pananaliksik upang matiyak ang kumpleto at sapat na datos.

Sa kabuuan, ginamit ang sistematikong proseso ng *pretest*, implementasyon ng pagtuturo, at *posttest* upang matiyak ang pagiging wasto at kapani-paniwala ng mga datos na nakalap.

Pag-aanalisa ng Datos

Sa pagsusuri ng kwantitatibong datos sa ilalim ng quasi-experimental na disenyo, ginamit ang mga angkop na estadistikal na pamamaraan upang matukoy ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago simulan at pagkatapos isagawa ang interbensyon.

Ginamit ang *descriptive statistics* partikular ang *mean* at *standard deviation* upang mailarawan ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pauna at panapos na pagsusulit. Ang *mean* ay ginamit upang masukat ang kabuuang iskor, habang ang *standard deviation* ay upang masukat ang pagkakaiba-iba ng mga marka.

Ginamit naman ang *Paired Sample t-test* upang tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng akademikong pagganap ng parehong pangkat (kontrolado at eksperimental) bago at pagkatapos ng interbensyon. Nilayon nito na matukoy kung mayroong makabuluhang pag-unlad sa loob ng bawat pangkat. Habang ginamit namang ang *Independent Sample t-test* upang maihambing ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa kontrolado at eksperimental na pangkat batay sa kanilang mga naging marka sa pauna at panapos na pagsusulit. Sa pamamagitan ng paggamit nito, natukoy ang bisa ng *vlogging* bilang kagamitang pampagtuturo kumpara sa tradisyunal na pamamaraan. Sa lahat ng pagsusuring estadistikal, itinakda ang antas ng kabuluhan (*significance level*) sa 0.05 na ang anumang resulta na may *p-value* na mas mababa dito ay ituturing na may makabuluhang pagkakaiba.

Etikal na Pagsaalang-alang

Bago ang pagsasagawa ng pag-aaral, ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot mula sa pamunuan ng paaralan at mga kinauukulang awtoridad upang tiyakin na ang proseso ng pananaliksik ay naaayon sa mga alituntunin ng institusyon. Ibinigay din ang paunang pahintulot (*parental consent*) sa mga magulang o tagapag-alaga ng mga mag-aaral upang masiguro ang kanilang boluntaryong pakikilahok.

Bago ang aktwal na pagsasagawa ng pag-aaral, ipinaliwanag nang malinaw sa mga kalahok ang layunin, proseso, at posibleng benipisyo ng pananaliksik, bilang bahagi ng malay na pahintulot (*informed consent*) upang tiyakin ang kanilang pakikilahok ay hindi sapilitan.

Bukod sa mga nabanggit, tiniyak ng mananaliksik ang mga kalahok ay pinoprotektahan laban sa anumang panganib o abala, kung kaya ang mga talatanungan ay idinesenyo upang maging angkop sa kanilang edad, at walang sensitibong impormasyon ang hihingiin. Ang lahat ng nakuhang impormasyon mula sa mga kalahok ay para sa akademikong layunin at hindi kailanman ilalantad ang kanilang pagkakakilanlan.

Sa kabuuan, ang mga hakbang na ito ay isinagawa upang masiguro na ang pag-aaral na ito ay umayon sa mga konsiderasyon sa etika ng may mataas na paggalang sa dignidad at karapatan ng kalahok.

RESULTA AT PAGTALAKAY NG DATOS

Antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa paunang pagsusulit ng kontrolado at eksperimental na pangkat.

Ang talahanayan 1 ay naglalarawan sa antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa kontrolado at eksperimental na pangkat batay sa paunang pagsusulit. Batay sa resulta, ang kontroladong pangkat ay nakapagtala ng *mean* na 11.47 at *standard deviation* na 1.410, samantalang ang eksperimental na pangkat naman ay may *mean* na 12.26 at *standard deviation* na 2.109. Batay sa itinakdang sukatan, ang dalawang pangkat ay nakapaloob sa "Hindi Pumasa"

Batay sa naging resulta ng paunang pagsusulit, parehong mababa ang naging antas ng akademikong pagganap ng dalawang pangkat. Ito ay nagpapakita na may kakulangan sa paunang kaalaman at kasanayan ang mga mag-aaral sa asignatura. Ang pagkakapantay ng antas ng dalawang pangkat ay mahalaga para sa quasi-experimental na pag-aaral sapagkat ipinapakita nito na ang anumang magiging pagbabago sa pagganap ay maaaring iugnay sa isinagawang interbensyon. Higit pa rito, ang resulta ay naibibigay ng isang indikasyon ng kahalagahan sa pagkakaroon ng isang personalisado at diferensyadong pamamaraan na binibigyang-diin nina Schmid et al. (2022) at Guo at Li (2025). Ang resulta ay nagpapahiwatig para sa mga guro na mahalagang gamitin ang mga *learner-centered approaches* upang mapataas ang pakikilahok ng mga mag-aaral. Para naman sa mga tagapagdisenyo ng kurikulum, maaari itong magsilbi bilang isang batayan sa pagbuo ng isang interbensyong nakatuon sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa at pagsusuri. Sa kabuuan, ang resulta ay maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng teoryang konstruktibismo ni Piaget (1952) na nagbibigay-diin na ang pagkatuto ay isang aktibong proseso, kung kaya isang mahalagang hakbangin ang pagbibigay sa mga mag-aaral ng mga pantulong na gawain na makatutulong sa pagpapatibay at pagpapalalim ng kanilang kaalaman at kasanayan.

Talahanayan 1. Antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa paunang pagsusulit ng kontrolado at eksperimental na pangkat.

Akademikong Pagganap	Kontrolado			Eksperimental		
	Mean	SD	Interpretasyon	Mean	SD	Interpretasyon
Paunang Pagsusulit	11.47	1.410	Hindi pumasa	12.26	2.109	Hindi Pumasa

Sukat: 26.25-30.00 Pinakamahusay na Pagganap;
18.75-22.49 Kasiya-siya
0.00-14.99 Hindi Pumasa

22.50-26.24 Lubhang Kasiya-siya;
15.00-18.74 Katamtamang Kasiya-siya;

Makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng dalawang pangkat sa paunang pagsusulit.

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita sa makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa paunang pagsusulit sa pangkat ng kontrolado at eksperimental. Ang *mean difference* sa pagitan ng dalawang pangkat ay 0.789 na may *standard error difference* na 0.463. Nakapagtala rin ng *F-value* na 2.222 at *t-value* na 1.703. Higit sa lahat, ang nakuha na *p-value* na 0.142 ay mas mataas kaysa sa itinakdang antas ng kabuluhan na 0.05, kaya ito ay binigyang interpretasyon bilang "hindi makabuluhan."

Ipinapahiwatig nito na ang parehong pangkat ay may halos pantay na antas ng kaalaman at kasanayan bago simulan ang interbensyon, at ang anumang positibo o negatibong pagbabago sa pag-unlad ng mga mag-aaral ay masasabing bunga ng isinagawang interbensyon at hindi lamang ng kanilang likas na pagkakaiba. Higit pa rito, ipinapahiwatig ng naging resulta ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pagkapantay-pantay na pagtamo sa kaalaman at kasanayan upang mapabuti ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral at mapataas ang kanilang motibasyon at pakikilahok na magsisilbing mga salik sa pagtugon sa mga suliranin pang-edukasyon na binigyang-diin nina Miller et al. (2025). Para sa mga guro, ipinapahiwatig nito ang kahalagahan ng makabuluhang pagpapalano sa pagbuo ng mga materyales na aagapay sa mga mag-aaral tungo sa kolaboratibong at malayang pagkatuto. Para sa tagapagdisenyo ng



kurikulum, maaaring magsilbi itong panimula tungo sa maingat na pagbuo ng isang kurikulum na aangkop sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral upang magkaroon ng pantay na pagkatuto. Para naman sa pamunuan, ito ay maaaring maging gabay tungo sa masusing pagbuo ng mga hakbangin sa patuloy na pagpapataas sa antas ng kahusayan ng mga kaguruan sa pamamagitan paglinang sa kanilang pedagohikal na pamamaraan na mahalaga sa pagtugon sa mga hamon na may kinalaman sa makabagong sitwasyong pangklasrum sa edukasyon.

Ang kabuuang resulta ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa iba't ibang katangian at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral na isang mahalagang salik sa pagbuo ng isang pamamaraan, at ang teorya ng diferensyadong pagkatuto ni Tomlinson (2000) ay mahalagang isaalang-alang sa pagbuo ng isang interbensyon o ng isang pamamaraan nang sa gayon ay matiyak na ang lahat ng pangangailangan ng mga mag-aaral ay epektibong matutugunan.

Talahanayan 2. Makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng dalawang pangkat sa paunang pagsusulit.

Akademikong Pagganap	Mean Difference	Std. Error Difference	F	t	P-value	Interpretasyon
Paunang Pagsusulit	0.789	0.463	2.222	1.703	0.142	Hindi makabuluhan

$p < 0.05$ makabuluhan

Antas ng Akademikong Pagganap ng mga mag-aaral sa Panapos na Pagsusulit ng Kontrolado at Eksperimental na pangkat

Ang kontroladong pangkat ay nakapagtala ng *mean* na 21.80 at *standard deviation* na 1.369, samantala ang eksperimental na pangkat ay may *mean* na 22.68 at *standard deviation* na 1.497. Batay sa itinakdang sukatan, ang nakuhang *mean* ng kontroladong pangkat ay nasa antas na "Kasiya-siya" (18.75–22.49), samantalang ang *mean* ng eksperimental na pangkat ay nakapaloob sa antas na "Lubhang Kasiya-siya" (22.50–26.24).

Ipinapahiwatig nito na ang mga mag-aaral sa parehong pangkat ay nagpakita ng positibong pagbabago sa kaalaman at kasanayan sa pagbasa at pagsusuri ng teksto, subalit mas malinaw ang pag-usad ng eksperimental na pangkat. Ang pangkat na ginamitan ng tradisyunal na paraan ng pagtuturo ay nagpakita ng unti-unting pagtaas ng marka, na nagpapahiwatig na epektibo rin ang karaniwang pamamaraan sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa at pagsusuri ng teksto. Ito ay umaayon sa pag-aaral nina Klein et al. (2023) at Ren et al. (2025) na bagaman nananatiling mahalaga ang tradisyunal na pamamaraan at nakatutulong sa pagbuo ng isang maayos at sistematikong pagkatuto, nananatili pa rin ang limitasyon nito tungo sa pagpapalalim ng aktibong partisipasyon at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Samantala, ang pangkat na ginamitan ng *vlogging* bilang kagamitang pampagtuturo ay nakapagtala ng bahagyang mas mataas na pagtaas sa kanilang *mean*, na nagpapakita na ang paggamit ng makabagong teknolohiya ay maaaring nakatulong sa mas aktibo at mas malalim na pagkatuto ng mga mag-aaral. Kung kaya ginagamit ang *vlogging* bilang isang makabagong kasangkapan o kagamitan sa edukasyon bilang pagtugon sa mga suliranin na kinahaharap ng karamihan, naaayon ito sa pag-aaral ni Brott (2020) na ito ay nakahihikayat sa mga mag-aaral at guro na dumulog sa isang aktibong proseso ng pagkatuto bilang isang malawak na bahagi ng paggalugad ng kaalaman. Para sa mga guro, ipinapakita nito na mahalaga ang pagkakaroon ng balanseng paggamit ng tradisyunal at makabagong estratehiya sa pagtuturo upang matugunan ang mga magkakaibang pangangailangan ng mga mag-aaral gaya ng *vlogging* na maaaring susi upang mapataas ang antas ng pakikilahok, interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin sa Filipino. Ang kabuuang resulta ay maaaring ipaliwanag gamit ang teoryang Sociocultural ni Vygotsky (1978) na ang pinagsamang gabay ng guro at interaktibong pagkatuto ay isang mahalagang simulain upang mapataas ang kabuuang pag-unlad ng mga mag-aaral.

Talahanayan 3. Antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa panapos na pagsusulit ng kontrolado at eksperimental na pangkat

Akademikong Pagganap	Kontrolado			Eksperimental		
	Mean	SD	Interpretasyon	Mean	SD	Interpretasyon
Panapos na Pagsusulit	21.80	1.369	Kasiya-siya	22.68	1.497	Lubhang Kasiya-siya

Sukat: 26.25-30.00 Pinakamahasay na Pagganap;
18.75-22.49 Kasiya-siya

22.50-26.24 Lubhang Kasiya-siya;
15.00-18.74 Katamtamang Kasiya-siya;

Makabuluhang Pagkakaiba sa Akademikong Pagganap ng Kontroladong pangkat sa pagitan ng Pauna at Panapos na Pagsusulit

Para sa pauna at panapos na pagsusulit sa kontroladong pangkat, nakapagtala ng *mean difference* na 10.333 na may kaukulang *standard error mean* na 0.349. Samantala, ang *t-value* na 29.635 ay nagpapakita ng napakataas na antas ng pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pagsusulit. Pinagtibay pa ito sa nakuhang *p-value* na mas mababa sa 0.001, na malinaw na mas mababa kaysa sa itinakdang antas ng kabuluhan na 0.05. Dahil dito, ang resulta ay binigyang interpretasyon bilang "makabuluhan".

Ang pagtaas ng marka sa pagsusulit ay nagpapakita na kahit gumagamit lamang ng tradisyunal o kumbensiyonal na pamamaraan ng pagtuturo, nagkakaroon pa rin ng epektibong pagkatuto ang mga mag-aaral. Ipinapahiwatig nito na ang sistematikong pagtuturo, malinaw na instruksyon, at organisadong aralin ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsusuri ng teksto. Binigyang-diin ni Lorenzo (2022) na kapag ang isang tradisyunal na pamamaraan ay nagtataglay ng pagiging sistematiko at organisado, nagbibigay ito ng matibay na pagsuporta sa pangangailangan ng mga mag-aaral tungo sa pagkamit ng mas ganap na pagkatuto. Ang resulta ay nagbibigay ng patunay na ang kalidad ng pagtuturo at ang konsistensiya sa pagtuturo ay susi sa makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral. Kung kaya, ipinapakita sa pag-aaral nina Bantilan et al. (2025) na nananatiling may malaking papel ang tradisyunal na pamamaraan sa gitna ng modernisadong sistema ng edukasyon sapagkat ito ay patuloy na nagsisilbing pundasyon para sa epektibong pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Para sa mga guro, ipinapakita nito na bagaman may limitasyon sa tradisyunal na dulong mahalaga na tiyaking ang pamamaraan at estratehiya ay napagplanuhan nang maayos, upang ang maging matiwasay at sistematiko ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa ganitong sabi, ang *scaffolding* ni Vygotsky (1978) ay isang mahalagang bagay na dapat isaalang-alang ng mga guro upang mahusay na matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral hanggang makamit nito ang tiyak na pagkatuto.

Talahanayan 4. Makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng kontroladong pangkat sa pagitan ng pauna at panapos na pagsusulit.

Akademikong Pagganap	Mean Difference	Std. Error Mean	t	p-value	Interpretasyon
Pauna at Panapos na Pagsusulit	10.333	0.349	29.635	<0.001	Makabuluhan

$p < 0.05$ makabuluhan

Makabuluhang Pagkakaiba ng Akademikong Pagganap sa Pauna at Panapos na Pagsusulit ng Eksperimental na Pangkat

Ipinapakita ng datos na ang *mean difference* ay umabot sa 10.844, na may *standard error mean* na 0.710. Ang nakuha namang *t-value* na 15.265 ay nagpapahiwatig ng malinaw na pagkakaiba sa antas ng pagganap bago at pagkatapos ng isinagawang interbensyon. Ang *p-value* na mas mababa sa 0.001 ay lubhang mas mababa kaysa sa itinakdang antas ng kabuluhan na 0.05, kaya ito ay binigyang interpretasyon bilang "makabuluhan."

Natuklasan ng pag-aaral ang malinaw na pag-unlad sa akademikong pagganap ng eksperimental na pangkat mula sa paunang pagsusulit hanggang sa panapos na pagsusulit. Makikita rito na ang interbensyong isinagawa ay nagdulot ng positibong pagbabago sa kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral, na higit pa sa naitalang pag-unlad ng kontroladong pangkat. Higit pa rito, ang resulta ay nagpapahiwatig sa pangangailangang magpatupad ng isang interbensyon gaya ng mga vlog-based na susuporta sa pagkatuto ng mga mag-aaral, at malinaw na ang mga biswal at interaktibong katangian ng vlogging ay nakatutulong sa mas kapani-paniwala at malinaw na pagtamo ng impormasyon ng mga mag-aaral na nagbibigay-daan sa pagpapahusay ng partisipasyon at akademikong pagganap ng mga mag-aaral, gaya ng binibigyang-diin nina Travero at Padilla (2025). Para sa mga guro, ipinapahiwatig nito ang kahalagahan ng pagkakaroon ng inobasyon at kakayahang makasabay sa pagbabago upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa makabagong konteksto ng edukasyon. Para sa mga tagapagdisenyo ng kurikulum at kagawaran ng edukasyon, mahalaga na bigyang-pansin ang mga napapanahon at relatibong suliraning kinahaharap ng mga guro at mag-aaral sa loob ng silid-aralan gaya ng kakulangan sa kakayahang teknolohikal na pedagohiya ng mga guro, at materyales para sa mga mag-aaral. Ang naging implikasyon nito ay may kaugnayan sa TPACK Framework nina Mishra at Koehler (2006) kung saan binigyang-diin ang kahalagahan ng integrasyon ng teknolohiya sa pedagohiya bilang pagtugon sa makabagong panahon lalo sa konteksto ng edukasyon.

Talahanayan 5. Makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng eksperimental na pangkat sa pagitan ng pauna at panapos na pagsusulit

Akademikong Pagganap	Mean Difference	Std. Error Mean	t	p-value	Interpretasyon
Pauna at Panapos na Pagsusulit	10.844	0.710	15.265	<0.001	Makabuluhan

$p < 0.05$ makabuluhan

Makabuluhang pagkakaiba sa Akademikong Pagganap ng Kontrolado at Eksperimental na pangkat sa Panapos na Pagsusulit.

Batay sa datos, ang *mean difference* sa pagitan ng dalawang pangkat ay 0.878, na may kalakip na *standard error difference* na 0.370. Naitala rin ang *F-value* na 0.602 at *t-value* na 2.370. Gayunpaman, ang *p-value* na 0.441 ay mas mataas kaysa sa itinakdang antas ng kabuluhan na 0.05, kaya't ang resulta ay binigyang interpretasyon bilang "hindi makabuluhan."

Mula sa kinalabasan ng resulta, mahihinuha na ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo ay nananatiling may kakayahang makapaghatid nang maayos at organisadong pagkatuto na makatutulong upang sapat na matamo ng mga mag-aaral ang mga kasanayan. Sinusugan ito ng pag-aaral nina Wang et al. (2025) na ang tradisyunal na pamamaraan ay nakapagbibigay ng matatag na sandigan tungo sa isang sistematikong paglalahad ng mga konsepto na mahalaga sa paghubog ng mga kasanayan at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Bagaman, hindi makabuluhan ang pagkakaiba sa estadistikal na panukat, ang bahagyang mas mataas na mean ng eksperimental na pangkat ay hindi dapat isantabi. Ito ay maaaring magpahiwatig ng potensyal na epekto ng vlogging bilang isang pedagogikal na kasangkapan upang mapataas ang motibasyon, pakikilahok, aktibong pagkatuto, at pagpapataas sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sa ganitong sabi, ang vlogging ay maaaring maging isang supplementary pedagogical tool upang maging kaagapay ng mga mag-aaral tungo sa mas madaling pag-unawa ng mga konsepto sa tulong ng mga biswal at interaktibong presentasyon. Ang resulta ay sinuportahan ng pag-aaral nina Jang et al. (2021) na nakatutulong ang mga makabagong kagamitan sa pagpapapataas ng kasanayan at akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Habang ipinakikita na sa huling yugto ng eksperimento, parehong nakamit ng dalawang pangkat ang halos pantay na antas ng kaalaman, kasanayan, at pag-unawa sa mga aralin. Ang paggamit ng vlogging sa edukasyon ay nagdudulot ng isang positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral, gayunpaman, ang tradisyunal na pamamaraan kapag naisagawa ng matiwasay at may sistematikong plano, nagkakaroon ng maliit na pagkakaiba sa resulta. Kung kaya, para sa mga guro, ang resulta ay malinaw na nagpapahiwatig na mas bigyang-pansin ang pagkakaroon ng komplemento o integrasyon ng dalawang pamamaraan na maaaring makatulong sa pagkamit ng isang makabuluhang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa ganitong sabi, relatibong magagamit ang modelong SAMR ni Puentedura (2006) na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng patuloy na pagpapalago ng isang inobatibong kagamitan upang epektibong makamit ng mga mag-aaral ang lubos na pagkatuto.

Talahanayan 6. Makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng kontrolado at eksperimental na pangkat sa panapos na pagsusulit.

Akademikong Pagganap	Mean Difference	Std. Error Difference	F	t	p-value	Interpretasyon
Panapos na Pagsusulit	0.878	0.370	0.602	2.370	0.441	Hindi makabuluhan

$p < 0.05$ makabuluhan

KONKLUSYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, parehong nagpakita ng pag-unlad sa akademikong pagganap ang kontrolado at eksperimental na pangkat matapos ang interbensyon. Gayunpaman, mas mataas ang naging pagganap ng mga mag-aaral na ginamitan ng vlogging bilang kagamitang pampagtuturo. Ipinapakita nito na ang integrasyon ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo ay may positibong impluwensya sa pagkatuto, partikular sa pagpapataas ng pakikilahok, interes, at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Higit pa rito, pinatutunayan ng pag-aaral na nananatiling mahalaga ang tradisyunal na pamamaraan bilang pundasyon ng sistematikong pagtuturo, ngunit mas nagiging epektibo ito kapag pinagsama sa mga inobatibong estratehiya. Sa larangan ng edukasyon, ang pag-aaral na ito ay nag-aambag sa pagpapalawak ng kaalaman hinggil sa paggamit ng technology-enhanced learning, partikular sa konteksto ng asignaturang Filipino.

Sa kabuuan, ang pag-aaral ay nagbibigay ng ebidensiyang ang paggamit ng vlogging bilang isang pedagogikal na kagamitan ay maaaring magsilbing alternatibo at suplementaryong estratehiya upang mapahusay ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod ay iminumungkahi:

1. Ang mga guro ay maaaring gumamit ng vlogging bilang isang alternatibo at inobatibong kagamitang pampagtuturo upang mapataas ang interes, pakikilahok, at akademikong pagganap ng mga mag-aaral.
2. Ang mga tagapagdisenyo ng kurikulum ay maaaring magsama ng mga digital at multimedia-based na gawain tulad ng vlogging upang mapaunlad ang mga kasanayan sa pagbasa, pagsusuri, at kritikal na pag-iisip.
3. Ang mga administrador ng paaralan ay maaaring magbigay ng sapat na pagsasanay at suporta sa mga guro sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo upang mapalakas ang implementasyon ng mga makabagong estratehiya.
4. Ang mga programang pang-edukasyon at teacher education institutions ay maaaring isama ang paggamit ng digital pedagogy at technology integration sa kanilang kurikulum upang maihanda ang mga guro sa makabagong konteksto ng edukasyon.
5. Ang mga susunod na mananaliksik ay maaaring magsagawa ng mas malawak na pag-aaral na sumasaklaw sa iba't ibang asignatura, antas ng edukasyon, at mas mahabang panahon ng implementasyon upang mapalalim ang pag-unawa sa bisa ng vlogging bilang kagamitang pampagtuturo.
6. Ang paggamit ng blended approach, na pinagsasama ang tradisyunal at makabagong pamamaraan, ay maaaring isaalang-alang upang matugunan ang iba't ibang estilo at pangangailangan ng mga mag-aaral.

MGA SANGGUNIAN

- Aguilar-Moya, R., Diamanti, R., & Melero-Fuentes, D. (2025). Teaching methods, learning and development: A 15-year research perspective by educational stages. *Education Sciences*, 15(9), 1213. <https://doi.org/10.3390/educsci15091213>
- Aini, Q. (2024). The effectiveness of Instagram vlog in teaching speaking achievement. *JEET: Journal of English Education and Technology*, 5(2), 90–106. <https://doi.org/10.59689/jeet.v5i02.50>
- Ajani, O. A. (2024). Teachers' competencies in digital integration of learning contents in dynamic classroom practices: A review of teacher professional development needs. *Acta Educationis Generalis*, 14(3), 18–40. <https://doi.org/10.2478/atd-2024-0016>
- Almasi, M., Rumulika, S. M., Hakimu, J., & Mbukwa, J. N. (2024). Teachers' beliefs and constraints in adopting learner-centered pedagogy; an analysis of teacher-centered methods in Tanzanian teacher training colleges. *PEDAGOGIK: Jurnal Pendidikan*, 11(2), 249–263. <https://doi.org/10.33650/pjp.v11i2.9291>
- Asnur, L., Jalinus, N., Faridah, A., Santosa, T. A., Ambiyar, R. D., & Utami, F. (2024). Video blogs (vlogs) based project: A meta-analysis. *International Journal on Advanced Science, Engineering and Information Technology*, 14(5), 1553–1557. <https://doi.org/10.18517/ijaseit.14.5.16804>
- Balignasay, I. K. J., Morado, K. A. F., & Vizconde, C. J. (2024). Filipino students' vlogging experiences: Insights on English-speaking skills development. *Asian Journal of English Language Studies*, 12(1), 47–74. <https://doi.org/10.59960/12.1.a3>
- Bandura, A. (1977). Self-efficacy: Toward a unifying theory of behavioral change. *Psychological Review*, 84(2), 191–215. <https://doi.org/10.1037/0033-295X.84.2.191>
- Bantilan, C. C., Loquis, R. E., Ursal, L. N., & Dela Peña, H.-K. V. (2025). Traditional or electronic instructional materials: A study on positive learning. *Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences)*, 4(4), 6600–6619. <https://doi.org/10.69651/PIJHSS0404608>
- Berongoy-Peñas, E., & Paglinawan, J. L. (2025). Unveiling the divide: Teachers' voices on ICT access and usage barriers in schools. *International Journal of Scientific and Management Research*, 8(10), 203–218. <https://doi.org/10.37502/ijsmr.2025.81016>
- Brott, P. E. (2020). Vlogging and reflexive applications. *Open Learning: The Journal of Open, Distance and e-Learning*, 38(3), 281–293. <https://doi.org/10.1080/02680513.2020.1869536>

- Cabero-Almenara, J., Gutiérrez-Castillo, J. J., Barroso-Osuna, J., & Rodríguez-Palacios, A. (2023). Digital teaching competence according to the DigCompEdu framework: Comparative study in different Latin American universities. *Journal of New Approaches in Educational Research*, 12, 276–291. <https://doi.org/10.7821/naer.2023.7.1452>
- Chen, X. (2025). A comparative study on the effectiveness of traditional and modern teaching methods. *Lecture Notes in Education Psychology and Public Media*, 85(1), 13–18. <https://doi.org/10.54254/2753-7048/2025.20824>
- Demissie, E. B., Labiso, T. O., & Thuo, M. W. (2022). Teachers' digital competencies and technology integration in education: Insights from secondary schools in Wolaita Zone, Ethiopia. *Social Sciences & Humanities Open*, 6(1), 100355. <https://doi.org/10.1016/j.ssaho.2022.100355>
- Dipon, C. H., & Dio, R. V. (2024). A meta-analysis of the effectiveness of video-based instruction on students' academic performance in science and mathematics. *International Journal on Studies in Education*, 6(4), 732–746. <https://doi.org/10.46328/ijonse.266>
- Guo, Y., & Li, Y. (2025). Exploration of personalized teaching paths in English education based on big data analysis. *Journal of Computational Methods in Sciences and Engineering*, 25(1), 821–836. <https://doi.org/10.1177/14727978251322283>
- Jang, K., Kim, S. H., Oh, J. Y., & Mun, J. Y. (2021). Effectiveness of self-re-learning using video recordings of advanced life support on nursing students' knowledge, self-efficacy, and skills performance. *BMC Nursing*, 20, Article 1. <https://doi.org/10.1186/s12912-021-00573-8>
- Klein, K., Calabrese, J., Aguiar, A., Mathew, S., Ajani, K., Almajid, R., & Aarons, J. (2023). Evaluating active lecture and traditional lecture in higher education. *Journal on Empowering Teaching Excellence*, 7(2), 40–49. <https://doi.org/10.26077/ba42-a5cc>
- Lorenzo, A. A. (2022). Strategies in teaching 21st century literature: Results from a systematic review of literature. *SEEN: Studies in Education and English*, 2(1). <https://doi.org/10.56901/SEEN3426>
- Mandasari, B., & Aminatun, D. (2019). Uncovering students' attitude toward vlogging activities in improving students' speaking ability. *Premise: Journal of English Education*, 8(2), 214. <https://doi.org/10.24127/pj.v8i2.2241>
- Mansour, N. (2024). Like or not like studying science: Exploring students' personal and cultural characteristics. *Canadian Journal of Science, Mathematics and Technology Education*, 24, 353–379. <https://doi.org/10.1007/s42330-025-00352-6>
- Martinez, Z. (2025). Mga kagamitang pampagtuturo at antas ng proseso sa pagbasa ng mga mag-aaral sa baitang 8. *International Journal for Multidisciplinary Research*, 7(2). <https://doi.org/10.36948/ijfmr.2025.v07i02.42380>
- Mayer, R. E. (2005). Cognitive theory of multimedia learning. In R. E. Mayer (Ed.), *The Cambridge handbook of multimedia learning* (pp. 31–48). Cambridge University Press. <https://doi.org/10.1017/CBO9780511816819.004>
- Miller, E. K., Franco-Jenkins, X., Duncan, J. T., Reddi, A. R., & Ward, C. (2025). Strengthening education through equitable and inclusive evidence-based teaching practices: A scoping review. *Education Sciences*, 15(3), 266. <https://doi.org/10.3390/educsci15030266>
- Mishra, P., & Koehler, M. J. (2006). Technological pedagogical content knowledge: A framework for teacher knowledge. *Teachers College Record*, 108(6), 1017–1054. <https://doi.org/10.1177/016146810610800610>
- Mohamad, M., Palani, K., Shanmuga Nathan, L., Sandhakumarin, Y., Indira, R., & Jamila, E. (2023). Educational challenges in the 21st century: A literature review. *International Journal of Academic Research in Progressive Education and Development*, 12(2), 1307–1314. <https://doi.org/10.6007/IJARPED/v12-i2/16865>
- Naungayan, R. R., Vivencio, I. J. B., & Caplis, M. M. (2024). Involvement of working parents in students' academic achievement: Basis of support programs. *International Journal of Research in Education and Science*, 10(1), 62–82. <https://doi.org/10.46328/ijres.3281>
- Pacol, J. M. (2023). E-BAKADA: Interaktibong kagamitang pampagtuturo ng Filipino bilang ikalawang wika ng mga banyagang estudyante. *The Normal Lights*, 17(2). <https://doi.org/10.56278/tnl.v17i2.2164>
- Paquinol, J. T., Taganas, W. R., & Comon, J. D. (2024). Digital competence among Araling Panlipunan teachers in the Division of El Salvador City. *European Modern Studies Journal*, 8(4), 167–198. [https://doi.org/10.59573/emsj.8\(4\).2024.10](https://doi.org/10.59573/emsj.8(4).2024.10)
- Piaget, J. (1952). *The origins of intelligence in children*. W. W. Norton & Company.
- Puentedura, R. R. (2006). Transformation, technology, and education in the state of Maine. Hippasus.
- Ren, W., Wang, R., Zhao, X., & Shi, J. (2025). A comparative analysis of the advantages and disadvantages of blended learning and traditional teaching in a multidisciplinary context. *Frontiers in Education*, 10, 1659590. <https://doi.org/10.3389/educ.2025.1659590>

- Satrio, Y. D., Megasari, R., Wijayanti, F., & Handayani, S. (2024). Learning through vlogging: Understanding, critiquing, and providing solutions. *KnE Social Sciences*, 9(4), 268–285. <https://doi.org/10.18502/kss.v9i4.15075>
- Schmid, R., Pauli, C., Stebler, R., Reusser, K., & Petko, D. (2022). Implementation of technology-supported personalized learning—its impact on instructional quality. *The Journal of Educational Research*, 115(3), 187–198. <https://doi.org/10.1080/00220671.2022.2089086>
- Supnet-De Guzman, A. M. (2025). Integrasyon ng information and communication technology sa pagtuturo ng iba't ibang anyo ng panitikan sa sekundaryang antas. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 3(4), 1383–1404. <https://doi.org/10.5281/zenodo.15311184>
- Tomlinson, C. A. (2000). *Differentiation of instruction in the elementary grades* (ERIC Digest).
- Travero, A. S., & Padilla, A. T. (2025). Students' feedback on vlogging as an educational tool in probability and statistics: A qualitative study. *TAMANSISWA International Journal in Education and Science*, 6(2), 86–96. <https://doi.org/10.30738/tjies.v6i2.17497>
- Vergara, C. R., Balasta, N. D., & Regencia, V. N. (2025). Effectiveness of interactive teaching strategies in enhancing achievement in calculus: A quasi-experimental research design. *Asian Journal of Applied Education*, 4(2), 217–232. <https://doi.org/10.55927/ajae.v4i2.14201>
- Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press.
- Wang, D., Yang, Y., Li, Y., Wang, H., & Bing, Q. (2025). Online vs. traditional education: A scoping review of methodological trends and evidence gaps. *Frontiers in Education*, 10, 1670086. <https://doi.org/10.3389/feduc.2025.1670086>